

**Pahayag sa pagtatapos ng State of Emergency patungkol sa COVID-19 virus infection. [Agosto 24]**

Ang inihayag ng Aichi Prefecture para sa State of Emergency noong ika-6 ng Agosto (Nichi) hanggang ika-24 ng Agosto ay natapos na. Gayunpaman, hindi pa nawawala ang panganib kung kayat mahigpit na hinihiling ng Aichi Prefecture na gawin ang mga sumusunod.

● **Kahilingan sa mga taong naninirahan sa Aichi prefecture**

- Mangyaring huwag lumabas hangga't maaari maliban na lamang kung talagang kinakailangan.
- Sa mga matatanda, mga nagdadalang-tao o may mga karamdaman, mangyaring huwag pumunta sa mga lugar ng may mga pagtitipon.
- Huwag mag salo-salo sa kainan ng may 5 o higit pang pagtitipon.
- Mangyaring huwag pumunta sa kulob na lugar o kung saan maraming tao. Gayundin, huwag makipag-usap ng malapitan sa tao.
- Siguraduhing mag-suot ng mask, hugasan nang maigi ang iyong mga kamay, gumamit ng alcohol para sa disinfection ng virus, buksan ang mga bintana ng iyong silid at pahanginan ito.
- Sa mga may-ari ng mga tindahan, mangyaring sundin ang mga patakaran upang maiwasan ang pagkalat ng sakit. Bilang karagdagan, idikit ang sticker na nasa ibaba sa inyong tindahan tanda ng pagpapahayag ng kaligtasan para sa mga customer.  
(Kailangan mag-submit sa Aichi Prefecture upang makuha ang sticker na ito.)

- Sa mga customer na pupunta sa mga tindahan, siguraduhing sundin ang mga patakaran ng tindahan upang maiwasan ang pagkalat ng sakit. Gayundin, hanggat maaari, piliin ang mga tindahan na mayroong sticker na ito katulad sa ibaba. Ihihahayag nito ang nasabing tindahan ay nangangalaga upang maiwasan ang pagkalat ng sakit.



- Mangyaring huwag pumunta sa Tokyo o anumang iba pang prefecture malapit sa Tokyo maliban kung talagang kinakailangan. Gayundin, mag-ingat upang huwag magkasakit sa tuwing ikaw ay lalabas.
- Sa tuwing may pupuntahan, suriin muna ang mga bagong impormasyon tungkol sa pagkalat ng sakit sa nasabing lugar at iwasang magka-sakit.